

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Pahayag ng Lungsod ng Brampton sa ikaapat na kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa Brampton Transit

BRAMPTON, ON (Abril 12, 2020) – Noong Abril 11, sinabihan ang Lungsod ng Brampton na ang isang Transit Operator mula sa Pasilidad nito sa Sandalwood ay nasuring positibo sa COVID-19. Ito ang ikaapat na kumpirmadong kaso ng Brampton Transit.

Sa panahong ito, ang nangungunang prayoridad ng Lungsod ay magbigay ng suporta sa indibidwal na ito at kanilang pamilya, at patuloy na tumulong sa pagprotekta sa kaligtasan at kalusugan ng ating mga empleyado, customer at komunidad.

Kaagad nang maabisuhan ang Lungsod, kaagad na kinontak ng staff ang Peel Public Health.

Ang huling araw na nagtrabaho ang apektadong indibidwal ay sa Abril 7, sa sumusunod na ruta:

- Route 23 Sandalwood

Ang mga tao na nagbiyahe sa mga bus na nirebyu sa araw sa itaas na maganda ang pakiramdam, walang mga sintomas, ay dapat magpatuloy sa kanilang araw-araw na mga regular na gawain at huwag tumawag sa Public Health. Kung magkakaroon ka ng mga sintoma, pakitawag sa Public Health. Kung mangangailangan ka ng emergency na medikal na tulong, pakitawag sa 911.

Ipinahihwatig din ng Peel Public Health na walang karagdagang panganib sa isang pampublikong transit bus kung ihahambing sa panganib na nasa pangkalahatang komunidad.

Tinitiyak ng Lungsod sa komunidad na patuloy nitong gagawin ang bawat kailangang hakbang para makatulong sa pagprotekta sa mga empleyado, mga customer at sa komunidad laban sa pagkalat ng COVID-19. Nananatiling ginagawa ang iskedyul ng pinaigting na paglilinis at pag-sanitize. Sa panahong ito, ang pag-sanitize ng bus ay nagaganap kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga silid-kainan, mga mesa, mga counter at mga hawakan ng pintuan ng terminal ay nililinis at sina-sanitize dalawang beses kada araw.

Para suportahan ang pisikal na pagdistansya para sa mga operator at mga pasahero, ginagawa ang sumusunod na mga pamamaraan:

- Nililimitahan ang mga karga ng bus sa mga nakaupong kalahating-puno na kapasidad.
- Pagpasok sa bus sa pintuan sa likod at pangunahing walang babayarang pamasaher. Bukod pa, naglalagay tayo ng harang na parang plastic na kadena para magbigay ng espasyo sa pagitan ng mga operator at mga pasahero, habang pinapayagan ang mga may device para sa paggalaw-galaw na patuloy na sumakay sa pamamagitan ng mga pintuan sa harap.

- Sa mga mas abalang ruta, ang mga articulated bus ay inihanda para makatulong sa kakayahan ng mga pasahero na panatilihin ang pisikal na pagdistansya habang nakasakay.
- Tinutukoy ang mga upuan gamit ang mga karatula at hindi pinapaupo ang mga pasahero sa mga upuang ito.
- Ang serbisyo sa mas hindi ginagamit na mga ruta ay kinansela sa panahon ng mga oras na mabigat ang trapiko at sa mga weekend at ang mga resource ay inilagay sa pinaka-abalang mga ruta para suportahan ang pisikal na pagdistansya

Ang Lungsod ay patuloy na mahigpit na nakikipagtulungan sa Peel Public Health.

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca